



Ika-10 ng Hulyo, 2020

Ginagalang na mga Magulang at mga Tagapag-alaga,

Kami ay sumusulat upang ipagbigay-alam sa inyo ang aming proseso ng pagpapalano para sa muling pagbubukas ng mga paaralan sa taglagas. Mahirap paniwalaan na ilang linggo lamang ang nakaraan, tinapos natin ang maituturing na pinakamalaking hamon at di-malilimutang taon ng mag-aaral kailanman. Nagsimula tayo ng pag-aaral sa mga gusaling laryo at semento, malayang abala sa mga karaniwang gawain, hanggang sa malayong pag-aaral sa loob ng ilang araw. Sama-sama, napanatili nating buhay ang pag-aaral nang magsara ang paaralan dahil sa COVID-19. Ipinagkakapuri namin ang mga pagsikap na ginawa ng mga mag-aaral, mga magulang at mga guro sa matagumpay nilang pinagtimuman itong bagong kapaligiran.

Sa pasukan ng pag-aaral na sa ilang linggo na lamang, naibalin natin ang ating pansin sa pagsalubong ng ating mga estudyante at mga tauhan pabalik sa mga silid-aralan sa darating na Setyembre. Salamat sa mga 700 na mga sagot na aming natanggap sa isang pagsusuring ayon sa pagpapalista, nagkaroon kami ng maliwanag na pagkaunawa sa mga inaasahan at pagnanasa ng komunidad para sa pagtuturo ng mga mag-aaral nang ligtas hanggang maaari sa taong akademika 2020-2021.

Mga Samahan at Pagawain (Taskforce) sa Muling Pagbubukas

Ang pangkat IMS (network) ay naglunsad ng isang School Reopening Taskforce at isang Stakeholder Advisory Group, na binubuo ng iba't-ibang tao mula sa 15 eskuwelahan. Ang mga taong bumubuo ng Taskforce at Advisory Group ay nagdadala ng likas na kasanayan at kinakatawan ng mga guro, mga magulang, at mga miyembro ng komunidad mula sa magkakaibang komunidad ng paaralan. Ang State of Pennsylvania School Reopening Guidance at mga rekomendasyon mula sa Philadelphia County Health Department ay ipinaalam ang bawat usapin at pinagpapasiyahan.

Ang IMS ay nakikipagtulungan sa isang koponan ng mga tagapamuno ng industriya na tutulong sa amin upang mangasiwa ng proyekto at siyasatin bawat maaaring mapagpipilian upang matiyak ang pinakaligtas at pinakamabisang paraan na maturuan ang mga mag-aaral sa darating na taglagas. Mula sa mga hamon sa mga pasilidad at transportasyon, mga pag-akmain sa pagtuturo at teknolohiya, ang aming Pagawain at mga kasamahan ay magsisiyasat ng mga paraan upang matagpuan ang mga inaasam ng 15 komunidad habang sumusunod sa mga patnubay na inilunsad ng pamahalaan at mga ahensiya sa kalusugan. Ang gawaing ito ay hindi magaan at nangangailangan ng tiyaga, kaluwagang-loob at pagbigayan.

[Holy Cross](#)
144 E. Mt. Airy Avenue

[Our Mother of Sorrows/
St. Ignatius of Loyola](#)
617 N. 43rd Street

[St. Barnabas](#)
6334 Buist Avenue

[St. Cyril of Alexandria](#)
716 Emerson Avenue

[St. Frances Cabrini](#)
405 N. 65th Street

[St. Gabriel](#)
2917 Dickinson Street

[St. Helena-Incarnation](#)
6101 N. 5th Street

[St. Malachy](#)
1012 W. Thompson Street

[St. Martin de Porres](#)
2300 W. Lehigh Avenue

[St. Martin of Tours](#)
5701 Loretto Avenue

[St. Raymond of Penafort](#)
7940 Williams Road

[St. Rose of Lima](#)
1522 N. Wanamaker Street

[St. Thomas Aquinas](#)
1631 S. 18th Street

[St. Veronica](#)
3521 N. 6th Street

[The DePaul Catholic School](#)
44 W. Logan Street

Mga Resulta ng Pagsusuri sa Muling Pagbubukas ng mga Paaralan

Ang karamihan ng mga magulang at mga tagapag-alaga ay puspusang nagpahayag ng interes na bumalik sa kanilang IMS gusaling paaralan nang kahit ilang kakayahan. Ang mga magulang at mga tagapag-alaga ang pinakasabik na bumalik ang mga mag-aaral sa isang tradisyunal na kapaligiran ng pag-aaral sa 2020-2021 at gusto ring matiyak na may nakatakdang pansanggalang. Ang mga sumagot sa pagsusuri ay kinilala rin ang kahalagahan ng pagsuot ng mga maskara, pagsunod ng gabay na social distancing, at pagpapatupad ng mga gawing kalusugan-kalinisan, ngunit nagpahayag sila ng maiintindihang pagkabahala tungkol sa maaaring kahirapan sa ligtas na pagtupad ng mga patnubay para sa isang buong araw ng pasukan.

Tungkol sa virtual (di-pisikal na anyo) learning sa darating na ikatlong Trimester ng 2019-2020, may mga pamilyang nag-ulat ng kahirapan, samantalang may iba namang nabatid na ito'y labis sa kanilang inaasahan. Gayundin, mayroong mga mag-aaral na nahirapan sa malayong kaligiran, samantalang, ang iba naman ay lumago.

Isa pang karaniwang paksa na aming narinig mula sa pagsusuri ay ang pagpapahiwatig ng mga pamilya na dapat lang na babaan ang matrikula dahil sa malayong pagtuturo.

Kinikilala namin na ang pandemya at ang kinasapitang pagpapatigil-sa-tahanan ay nagdulot ng pasanin sa ating mga pamilya at nagdulot ng paghahamon sa pag-aaral ng marami. Sa ating paghanda na salubunging pabalik ang mga mag-aaral sa darating na taglagas, ang katunayan ay ang paglaan ng kinakailangang kagamitan at mga kayarian upang mapanatiling ligtas at malusog ang lahat ay mamahalin din. Samantalang ang naturingang matrikula sa mga paaralang IMS ay umaakyat, naipasiya naming pananatiliing hindi magbabago ang mga halaga sa ating bumabalik na mga pamilya. Hindi namin sa kasamaang-palad, ligtas na makakayang abutin na bawasan ang matrikula.

Bukod sa hindi pagtaas ng kabayaran ng mga pamilya, kami ay patuloy na nagkakaloob ng dagdag na tustos pangmatrikula na mula sa pagpupunyagi ng iba't-ibang mga kawanggawa. Kung hindi n'yo pa nasagot ang inyong mga pormang financial aid para sa darating na taon, maaring gawin ito sa lalong madaling panahon. Mula sa puna at mga pamantayan ng kaligtasan at kalusugan, isasaalang-alang ng aming Taskforce at mga kasamahan ang lahat ng mga pag-aalala at mga minumungkahi sa aming mga plano sa muling pagbukas. Bilang isang Network (mga taong nagpapalitan ng mga impormasyon at karanasan), kami ay nananatiling nakapasiyang magkaloob ng mataas-na-uring harapan at pagtuturo sa distance learning. Layunin namin ang maging matatag para sa lahat, na may puwang upang matuntunan ang iba't-ibang mga pangangailangan.

Susunod na mga Hakbang

Ang pangkat ng IMS ay aktibong nagbubuo ng plano para sa muling pagbubukas na ipapahayag sa mga paaralan at Board sa bandang Hulyo o Agosto. Sa sandaling makalikha ng isang planong magsisilbing gabay na kami ay nakakatiyak na ito'y mabisang maisakatuparan at ligtas, ipapadala namin ang mga detalye ng plano sa inyo. Ang mga rekomendasyon at mga patnubay ay patuloy na bumalangkas habang dagdag na inaalang ng mga ahensiya ng kalusugan ang tungkol sa virus at ang pagkalat nito. Sa paglitaw ng dagdag na mga impormasyon at pagtungo namin sa pagpapasiya, paaalamin namin kayo sa aming patutunguhan. Sa kahulihan ng tag-init, ipapaalam namin sa inyo ang mas tiyak at angkop na pagsusuri sa mga paksang nangangailangan ng karagdagang impormasyon.

Maraming salamat sa inyong pangako na maging bahagi ng hangaring ito.

Sumasainyo,

Bruce Robinson
Presidente y PFE
Independence Mission Schools